


# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 1: Katangiang Pisikal ng Daigdig



**Araling Panlipunan – Ikawalong Baitang**  
**Alternative Delivery Module – Self – Learning Modules**  
**Unang Markahan – Modyul 1: Katangiang Pisikal ng Daigdig**  
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Mga Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

<b>Mga Manunulat:</b>	Emely B. Pactorayan, Elgemary S. Abata
<b>Mga Editor:</b>	Filipina F. Meehleib, Lileth F. Oliverio, Alfe S. Lito, Lilifreda P. Almazan, Benny T. Abala, Analiza G. Doloricon, John M. Anino, Lalaine S. Gomera, Dan Ralph M. Subla, Fernando Dones, Jr., Carlos Catalan, Jr.
<b>Mga Tagasuri:</b>	Marino L. Pamogas, Joel P. Plaza, Leowenmar A. Corvera, Edwin C. Salazar, Honorato Mendoza, Edwin G. Capon
<b>Tagaguhit:</b>	Neil W. Maca
<b>Tagalapat:</b>	Paul Andrew A. Tremedal
<b>Mga Nangasiwa:</b>	Francis Cesar B. Bringas, Isidro M. Biol, Jr., Maripaz F. Magno Josephine Chonie M. Obseñares, Karen L. Galanida, Florence E. Almaden, Carlo P. Tantoy, Venus M. Alboruto, Noemi D. Lim, Laarni C. Micayas

Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_

**Kagawaran ng Edukasyon – Caraga Region**

Office Address: Teacher Development Center,  
J.P. Rosales Avenue, Butuan City, Philippines 8600

Telefax: (085) 342-8207; (085) 342-5969

E-mail Address: caraga@deped.gov.ph

# **Araling Panlipunan**

**Unang Markahan – Modyul 1:  
Katangiang Pisikal ng Daigdig**

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Araling Panlipunan – Ika - 8 na Baitang, Unang Markahan – Ika - 1 na Modyul ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Katangiang Pisikal ng Daigdig**.

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pamribadong institusyon upang gabayan ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to 12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang *21<sup>st</sup> century skills* habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



## ***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Araling Panlipunan – Ika-8 na Baitang, Unang Markahan – Ika-1 na Modyul ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Katangiang Pisikal ng Daigdig**.

Ang kamay ay madalas gamiting simbolo ng kakayahan, aksyon at layunin. Sa pamamagitan ng ating mga kamay tayo ay maaaring matuto, lumikha, at magsakatuparan ng gawain. Ang kamay sa tulong-aral na ito ay sumisimbolo na ikaw, bilang isang mag-aaral, ay may angking kakayahang matutuhan ang mga kaugnay na kompetensi at kasanayan. Ang iyong pang-akademikong tagumpay ay nakasalalay sa iyong sarili o sa iyong mga kamay.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at *icon* na dapat mong maunawaan.



**Alamin**

Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul.



**Subukin**

Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul.



**Balikan**

Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon.



**Tuklasin**

Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon.



**Suriin**

Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.



**Pagyamanin**

Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang iyong mga sagot sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto na makikita sa huling bahagi ng modyul.



### **Isaisip**

Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin.



### **Isagawa**

Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay.



### **Tayahin**

Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi.



### **Karagdagang Gawain**

Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyo na panibagong gawain upang pagyamanin ang kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin.



### **Susi sa Pagwawasto**

Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul.

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

### **Sanggunian**

Ito ang talaan ng mga pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito.

Ang sumusunod ay mga mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ang pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang iyong guro o tagapagdaloy. Maaaring humingi ng tulong sa iyong mga magulang, sa nakatatanda mong kapatid o sino mang kasamahan mo sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa. Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, mararanasan mo ang makahulugang pagkatuto at makakukuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!



# Alamin

Ang modyul na ito ay sadyang inihanda upang matulungan ka na maunawaan at masusuri ang kahulugan ng heograpiya, ang limang tema na napapaloob dito at kung paano nakikiayon ang tao sa kaniyang pisikal na kapaligiran upang matugunan ang kanilang mga pangangailangan at tuluyang mapaunlad ang kanilang pamumuhay.

Ang mga paksa na nakapaloob sa modyul na ito ay sistematikong inayos upang mas madaling maunawaan ang daloy ng iyong pag-aaral.

May mga angkop na gawaing inihanda para sa iyo upang maging makabuluhan ang iyong pag-aaral. Kailangan mong gawin o sagutan ang lahat ng mga gawain sa modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot.

Ang modyul na ito ay nakapokus sa pagtalakay tungkol sa **Katangiang Pisikal ng Daigdig** na nahahati sa sumusunod na paksa:

- **Paksa 1** - Katuturan at Limang Tema ng Heograpiya
- **Paksa 2** - Estruktura ng Daigdig

## **Pamantayang Pangnilalaman**

Ang mga mag-aaral ay naipamamalas ang pag-unawa sa interaksyon ng tao sa kaniyang kapaligiran na nagbigay-daan sa pag-usbong ng mga sinaunang kabihasan na nagkaloob ng mga pamanang humubog sa pamumuhay ng kasalukuyang henerasyon.

## **Pamantayan sa Pagganap**


Ang mga mag-aaral ay nakabubuo ng panukalang proyektong nagsusulong sa pangangalaga at preserbasyon ng mga pamana ng mga sinaunang kabihasan sa daigdig para sa kasalukuyan at sa susunod na henerasyon.

## **Pinakamahalagang Kasanayang Pampagkatuto:**

- Nasusuri ang katangiang pisikal ng daigdig (**AP8HSK-Id-4**)

Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang iyong:

- nasusuri ang mga mahalagang konsepto sa katangiang pisikal ng daigdig;
- nailalarawan ang daigdig base sa nakakapaloob sa teksto;
- napapahalagahan ang mga biyayang bigay ng kalikasan para sa mga tao; at
- nakakagawa ng slogan at nakakasulat ng tula tungkol sa pangangalaga ng daigdig.



## Subukin

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang tanong sa bawat bilang at piliin ang letra ng tamang sagot.  
Isulat ang inyong mga sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang isa sa mga sangay ng agham panlipunan na tumutukoy sa siyentipikong pag-aaral sa katangiang pisikal ng daigdig?
  - A. antropolohiya
  - B. ekonomiks
  - C. heograpiya
  - D. kasaysayan
2. Alin sa sumusunod na tema ng heograpiya ang tumutukoy sa paglipat ng tao mula sa kinagisnang lugar patungo sa ibang lugar?
  - A. lokasyon
  - B. lugar
  - C. paggalaw
  - D. rehiyon
3. Alin sa sumusunod na pahayag ang tumutukoy sa konsepto ng rehiyon bilang isa sa mga tema ng pag-aaral ng heograpiya?
  - A. Ang klima ng Pilipinas ay tag-araw at tag-ulan.
  - B. Islam ang opisyal na relihiyon ng Saudi Arabia.
  - C. Ang Pilipinas ay matatagpuan sa Timog bahagi ng Taiwan.
  - D. Kasapi ang Pilipinas sa *Association of Southeast Asian Nations*.
4. Alin sa mga pahayag ang tumutukoy sa konsepto ng lugar bilang isa sa tema ng pag-aaral ng heograpiya?
  - A. Ang Germany ay miyembro ng *European Union*.
  - B. Malaking bahagi ng populasyon ng Pilipinas ang mga Kristiyano.
  - C. Matatagpuan ang Pilipinas sa Kanlurang ng Karagatang Pasipiko.
  - D. Ang Singapore ay isa sa mga bansang dinarayo ng mga mamumuhunan.
5. Napakahalaga ng papel na ginagampanan ng araw sa buhay ng tao, halaman, at hayop. Ano ang kinalaman ng araw sa kalagayang ito?
  - A. ang araw ang nagbigay ng liwanag sa daigdig
  - B. ang araw ang siyang nagbigay ng liwanag sa buwan
  - C. napapanatili ng araw ang dami ng mga halaman sa kapaligiran
  - D. sa araw kumukuha ng enerhiya ang lahat ng may buhay sa daigdig
6. Ang mataas na antas ng teknolohiya ay nagpabilis sa pagpunta ng tao sa mga bansang may magandang pasyalan. Ang pahayag na ito ay nagsasaad sa anong tema ng heograpiya?
  - A. interaksiyon
  - B. lokasyon
  - C. paggalaw
  - D. rehiyon



7. Alin sa sumusunod ang hindi kabilang sa pagbibigay ng relatibong lokasyon?
- anyong lupa
  - anyong tubig
  - imahinasyong guhit
  - estrukturang gawa ng tao
8. Ilang metro ang taas ng bundok Annapurna?
- 8 091
  - 8 092
  - 8 093
  - 8 094
9. Ang daigdig ay may apat na hating globo o *hemisphere*. Anong imahinasyong guhit ang humahati sa *northern* at *southern* hemisphere?
- equator*
  - latitude*
  - longitude*
  - prime meridian*
10. Ano ang pinakamataas na bundok sa buong daigdig?
- Annapurna
  - Everest
  - Lhotse
  - Makalu
11. Ano ang tawag sa bahagi ng estruktura sa daigdig na kung saan may patong na mga batong napakainit kaya malambot at natutunaw ang ilang bahagi nito?
- core*
  - cover*
  - crust*
  - mantle*
12. Ayon sa datos ng mahahalagang kaalaman tungkol sa daigdig, ilang porsiyento mayroon ang tabang na tubig?
- 1%
  - 2%
  - 3%
  - 4%
13. Anong pamamaraan sa pagtukoy ng lokasyon na ang batayan ay mga lugar at bagay na nasa paligid nito?
- latitude line*
  - lokasyong *absolute*
  - longitude line*
  - relatibong lokasyon
14. Ang mundo ay binubuo ng pitong kontinente. Anong kontinente ang may pinakamaliit na sukat kilometro kuwadrado?
- Asia
  - Australia at Oceania
  - Europe
  - South America
15. Ano ang *average* na lalim mayroon ang Arctic Ocean?
- 3 405 ft.
  - 3 406 ft.
  - 3 407 ft.
  - 3 408 ft.

# Aralin

# 1

## Katangiag Pisikal ng Daigdig



### *Balikan*

#### **Gawain 1: Maalaala Mo Kaya?**

**Panuto:** Sariwain ang mga mahahalagang natutuhan sa nakaraang aralin. Isulat ang mga hinihinging impormasyon sa talahanayan sa sagutang papel.

Mga Kontinente ng daigdig	Mga Karagatan ng daigdig	Mga Planeta ng Solar System

#### **Pamprosesong Tanong:**

1. Bakit mahalagang pag-aralan ang mga paglalarawan tungkol sa mga kontinente ng daigdig?








# Tuklasin

## Gawain 2: Talaan ng Bituing Nagningning

**Panuto:** Tuklasin ang mga salita na makikita sa loob ng Talaan ng Bituing Nagningning. Pagkatapos, bumuo ng tanong na ang sagot ay ang salitang makikita sa loob ng bituin.  
Isulat ang sagot sa sagutang papel.

### Talaan ng Bituing Nagningning




Halimbawa: *Anong kontinente ang nababalutan ng yelo? (Antarctica)*



## **Suriin**


### **Katuturan at Limang Tema ng Heograpiya**


Nanggaling ang terminong heograpiya sa wikang Greek na *geo* o daigdig at *graphia* o paglalarawan. Sa madaling salita, ang heograpiya ay tumutukoy sa siyentipikong pag-aaral ng katangiang pisikal ng mundo.



Noong 1984 binanghay ang limang magkakapareha na temang heograpikal na pinangunahan ng *National Council for Geographic Education (NCGE)* at ng *Association of American Geographers (AAG)*. Intensiyon ng mga temang ito na gawing mas madali at simple ang pag-aaral ng heograpiya bilang isang pagkontrol ng agham panlipunan. Dahil sa mga temang ito, mas madaling maintindihan ng tao ang mundo na kaniyang tinitirhan. Suriin ang kasunod na dayagram.

## Limang Tema ng Heograpiya






## Istruktura ng Daigdig


Ang daigdig ay isa sa walong planetang umiikot sa isang malaking bituin, ang araw. Sumasaklaw sa katawagan na solar system ang mga ito. Ang lahat ng may buhay sa daigdig – halaman, hayop, at tao ay gumagamit ng enerhiya mula sa araw. Ang pagkakaroon ng buhay sa daigdig ay masasabing sanhi ng eksaktong posisyon nito sa solar system, na siyang basehan ng pag-ikot nito sa sariling aksis at ng paglalakbay paikot sa araw bawat taon.

Ang mundo ay binubuo ng *crust*, *mantle* at *core*.



Larawang-guhit ni titser Neil W. Maca

Ang daigdig ay may apat na hating-globo (Hemisphere): Ang Northern Hemisphere at Southern Hemisphere na hinahati ng Equator, at ang *Eastern* Hemisphere at *Western* Hemisphere na hinahati ng *Prime Meridian*.



Larawang-guhit ni titser Neil W. Maca

Napakahina ng paggalaw ng mga *plates* na ito at umaabot lamang sa 5 sentimetro (2 pulgada) bawat taon. Gayunpaman, ang paggalaw at ang pag-uumpugan ng mga ito ay napakalakas at nagiging sanhi ng mga paglindol, pagputok ng mga bulkan, at pagbuo ng mga kabundukan tulad ng *Himalayas*. Ito rin ang makapagsasabi kung bakit sa loob ng milyon-milyong taon, ang posisyon ng mga kontinente sa daigdig ay nag-iiba-iba sa paglipas ng panahon.

### Talahanayan 1.1: Pinakamataas na Bundok sa Daigdig

<b>Bundok</b>	<b>Taas (sa metro)</b>	<b>Lokasyon</b>
Annapurna	8 091	Nepal
Nanga Parbat	8 125	Pakistan
Manashu	8 163	Nepal
Dhaulagiri	8 167	Nepal
Cho Oyu	8 201	Nepal/Tibet
Makalu	8 461	Nepal/ Tibet
Lhotse	8 511	Nepal
Kangchenjunga	8 586	Nepal/India
K-2	8 611	Pakistan
Everest	8 848	Nepal/Tibet



**Talahanayan 1.2: Mga Karagatan sa Daigdig**

<b>Karagatan</b>	<b>Lawak (sa kilometro kwadrado)</b>	<b>Average na lalim (sa talampakan)</b>	<b>Pinakamalalim na bahagi</b>
Arctic Ocean	14 056 000	3 407	Eurasia Basin
Atlantic Ocean	76 762 000	11 730	Puerto Rico Trench
Indian Ocean	68 556 000	12 596	Java Trench
Pacific Ocean	155 557 000	12 926	Marianas Trench
Southern Ocean	20 327 000	13 100	South Sandwich Trench

**Talahanayan 1.3: Ang Pitong Kontinente ng Daigdig**

<b>Kontinente</b>	<b>Lawak (kilometro Kwadrado)</b>
Australia at Oceania	8 503 000
Europe	10 505 000
South America	12 814 000
Antarctica	14 245 000
North America	24 230 000
Africa	30 218 000
Asya	44 614 000



## Pagyamanin

### Gawain 3: Anong Tema Mo?

**Panuto:** Suriin ang bawat sitwasyon kung ito ba ay may kaugnayan sa lokasyon, lugar, rehiyon, interaksyon ng tao at kapaligiran, at paggalaw. Punan ang patlang ng tamang tema at isulat sa sagutang papel.

- \_\_\_\_\_ 1. Kasapi ang Pilipinas sa Association of Southeast Asian Nations.
- \_\_\_\_\_ 2. Malamig na klima ang mararanasan sa Baguio.
- \_\_\_\_\_ 3. Ang pangingisda ay isang aktibong kabuhayan ng mga Pilipino dahil napalilibutan ng dagat ang bansa.
- \_\_\_\_\_ 4. Ang malaking sahod sa bansang Germany ang nag-eenganyo sa maraming nars na Pilipino na doon magtrabaho.
- \_\_\_\_\_ 5. Hinduismo ang pangunahing relihiyon ng bansang India.
- \_\_\_\_\_ 6. Ang lumalaking populasyon sa *National Capital Region (NCR)* sa Pilipinas ang nagbigay-daan upang patuloy na pagtuunan ng pansin ang pagpapaunlad ng sistema ng transportasyon at ng pabahay sa lungsod.
- \_\_\_\_\_ 7. Ang mataas na antas ng teknolohiya ay nagpabilis sa pagpunta ng tao sa mga bansang may magagandang pasyalan.
- \_\_\_\_\_ 8. Matatagpuan ang Pilipinas sa kanluran ng *Pacific Ocean*, timog ng *Bashi Channel*, at silangan ng *West Philippine Sea*.
- \_\_\_\_\_ 9. Ang Singapore ay nasa  $1^{\circ} 20'$  hilagang latitud at  $103^{\circ} 50'$  silangang longhitud.
- \_\_\_\_\_ 10. Portuges ang wikang ginagamit ng mga mamamayan ng Brazil.

**Gawain 4: Iguhit Mo!**

**Panuto:** Lagyan ng  $\triangle$  kung ito ay anyong lupa,  $\square$  kung ito ay anyong tubig,  $\bigcirc$  kung ito ay kontinente. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

\_\_\_\_\_ 1. Everest

\_\_\_\_\_ 2. South Sandwich Trench

\_\_\_\_\_ 3. Europe

\_\_\_\_\_ 4. Australia

\_\_\_\_\_ 5. Lhotse

\_\_\_\_\_ 6. Pacific

\_\_\_\_\_ 7. Marianas Trench

\_\_\_\_\_ 8. K-2

\_\_\_\_\_ 9. Kangchenjunga

\_\_\_\_\_ 10. Asia




# Isaisip

## Gawain 5: Dugtong-Salita!

**Panuto:** Dugtungan ng mga salita ayon sa iyong pagkaintindi.  
Isulat ito sa sagutang papel.

1. Natutuhan ko sa aralin na ang heograpiya ay \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_.
2. Mailalarawan ko ang mundo bilang \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_.
3. Ang pagkakaroon ng sapat na anyong lupa at tubig ay patunay na ang daigdig ay \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_.



# Isagawa

## Gawain 6: Slogan Making

**Panuto:** Gumawa ng isang slogan tungkol sa mga maaari mong magawa upang mapangalagaan ang daigdig. Gawin ito sa sagutang papel.

### Rubrik Para sa Paggawa ng Slogan

Pamantayan	Napakahusay 4 puntos	Mahusay 3 puntos	Katamtaman 2 puntos	Nangangailangan ng pagsasanay 1 puntos	Puntos
Nilalaman	Amg mensahe ay mabisang naipakita.	Bahagyang naipakita ang mensahe.	Medyo magulo ang mensahe.	Walang mensaheng naipakita.	
Pagkamalikhain	Napakaganda at napakalinaw ng pagkakasulat.	Maganda at malinaw ang pagkakasulat.	Maganda ngunit di gaanong malinaw ang pagkakasulat.	Di maganda at malabo ang pagkakasulat.	
Kaugnayan sa Tema	May malaking kaugnayan sa paksa.	Bahagyang may kaugnayan sa paksa.	Kaunti lang ang kaugnayan sa paksa.	Walang kaugnayan sa paksa.	
Kalinisan at kaayusan	Malinis na malinis ang pagkakabuo.	Malinis ang pagkakabuo.	Di gaanong malinis ang pagkakabuo.	Marumi ang pagkakabuo.	
<b>Kabuung Puntos</b>					



# Tayahin

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang tanong sa bawat bilang at piliin ang letra ng tamang sagot.  
Is Isulat ang inyong mga sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang tawag sa bahagi ng estruktura sa daigdig na kung saan may patong na mga batong napakainit kaya malambot at natutunaw ang ilang bahagi nito?  
A. *core* C. *crust*  
B. *cover* D. *mantle*
2. Ayon sa datos ng mahahalagang kaalaman tungkol sa daigdig, ilang porsiyento mayroon ang tabang na tubig?  
A. 1% C. 3%  
B. 2% D. 4%
3. Anong pamamaraan sa pagtukoy ng lokasyon na ang batayan ay mga lugar at bagay na nasa paligid nito?  
A. latitude line C. longitude line  
B. lokasyong absolute D. relatibong lokasyon
4. Ang mundo ay binubuo ng pitong kontinente. Anong kontinente ang may pinakamaliit na sukat kilometro kuwadrado?  
A. Asia C. Europe  
B. Australia at Oceania D. South America
5. Ano ang average na lalim mayroon ang Arctic Ocean?  
A. 3 405 ft. C. 3 407 ft.  
B. 3 406 ft. D. 3 408 ft.
6. Ano ang isa sa mga sangay ng agham panlipunan na tumutukoy sa siyentipikong pag-aaral sa katangiang pisikal ng daigdig?  
A. antropolohiya C. heograpiya  
B. ekonomiks D. kasaysayan
7. Alin sa sumusunod na tema ng heograpiya ang tumutukoy sa paglipat ng tao mula sa kinagisnang lugar patungo sa ibang lugar?  
A. lokasyon C. paggalaw  
B. lugar D. rehiyon
8. Alin sa sumusunod na pahayag ang tumutukoy sa konsepto ng rehiyon bilang isa sa mga tema ng pag-aaral ng heograpiya?  
A. Ang klima ng Pilipinas ay tag-araw at tag-ulan.  
B. Islam ang opisyal na relihiyon ng Saudi Arabia.  
C. Ang Pilipinas ay matatagpuan sa Timog bahagi ng Taiwan.  
D. Kasapi ang Pilipinas sa *Association of Southeast Asian Nations*.

9. Alin sa mga pahayag ang tumutukoy sa konsepto ng lugar bilang isa sa tema ng pag-aaral ng heograpiya?
- Ang Germany ay miyembro ng *European Union*.
  - Malaking bahagi ng populasyon ng Pilipinas ang mga Kristiyano.
  - Matatagpuan ang Pilipinas sa kanluran ng karagatang Pasipiko.
  - Ang Singapore ay isa sa mga bansang dinarayo ng mga mamumuhunan.
10. Napakahalaga ng papel na ginagampanan ng araw sa buhay ng tao, halaman at hayop. Ano ang kinalaman ng araw sa kalagayang ito?
- ang araw ang nagbigay ng liwanag sa daigdig.
  - ang araw ang siyang nagbigay ng liwanag sa buwan.
  - napapanatili ng araw ang dami ng mga halaman sa kapaligiran.
  - sa araw kumukuha ng enerhiya ang lahat ng may buhay sa daigdig.
11. Ang mataas na antas ng teknolohiya ay nagpabilis sa pagpunta ng tao sa mga bansang may magandang pasyalan. Ang pahayag na ito ay nagsasaad sa anong tema ng heograpiya?
- interaksyon
  - lokasyon
  - paggalaw
  - rehiyon
12. Alin sa sumusunod ang hindi kabilang sa pagbibigay ng relatibong lokasyon?
- anyong lupa
  - anyong tubig
  - imahinasyong guhit
  - estrukturang gawa ng tao
13. Ilang metro ang taas ng bundok Annapurna?
- 8 091
  - 8 092
  - 8 093
  - 8 094
14. Ang daigdig ay may apat na hating globo o hemisphere. Anong imahinasyong guhit ang humahati sa northern at southern hemisphere?
- equator
  - latitude
  - longitude
  - prime meridian
15. Ano ang pinakamataas na bundok sa buong daigdig?
- Annapurna
  - Everest
  - Lhotse
  - Makalu




## Karagdagang Gawain

### Gawain 7: Paggawa ng Tula

**Panuto:** Sumulat ng isang tula na may dalawang saknong at may tig-aapat na taludtud tungkol sa wastong pangangalaga sa ating daigdig. Isulat ito sa sagutang papel.

#### Rubrik Para sa Paggawa ng Tula

<b>Pamantayan</b>	<b>Magaling 3 puntos</b>	<b>Katamtamang galing 2 puntos</b>	<b>Nangangailangan ng pagsasanay 1 puntos</b>	<b>Puntos</b>
Pagpapahayag ng mensahe	Naipahayag ang wastong pangangalaga sa daigdig.	May kulang (o may mali sa naipahayag sa wastong pangangalaga sa daigdig.	Hindi naipahayag nang maayos ang wastong pangangalaga sa daigdig.	
Masining na pagkakagawa	Ang pagkakagawa ng tula ay masining kung saan ang mga salita ay naaangkop at may mga tugma.	Ang tula ay kaaya-aya subalit ay may mga bahagi itong wari'y kinuha sa aklat	Ang kabuuan ng tula ay halatang kinopya lamang mula sa aklat.	
<b>Kabuuang Puntos</b>				



# Susi sa Pagwawasto

- Subukin**
1. C
  2. C
  3. D
  4. C
  5. D
  6. B
  7. C
  8. A
  9. D
  10. B
  11. D
  12. C
  13. D
  14. B
  15. C

**Balikan**  
Gawain 1: Maalala Mo Kaya?

Mga Planeta ng Solar System	Mga Karagatan ng Daigdig	Mga Kontinente ng Daigdig
Mercury Venus Earth Mars Jupiter Saturn Uranus Neptune	Pacific Ocean Atlantic Ocean Indian Ocean Southern Ocean Arctic Ocean	Asia Africa Europe North America South America Antarctica Australia at Oceania

**Tuklasin**  
Gawain 2: Talaan ng Bituing Nagningning

1. Anong planeta sa solar system na kayang makapapanatili ng buhay? **Daigdig.**
2. Anong tawag sa isang modelo ng daigdig na kung saan makikita ang mga bansa, kontinente at karagatan? **Globo.**
3. Ano ang tawag sa linya na humahati sag lobo sa hilaga at timog hemisphere? **Ekwador.**
4. Anong karagatan ang may lalim na 12 926 sa talampakan? **Pacific Ocean.**
5. Saan makikita ang mga mababangis na hayop? **Bundok**
6. Ano ang tawag sa distansiyang angul ar sa pagitan ng dalawang parallel patungo sa hilaga o timog equator? **Latitud**
7. Anong bansa ang my tropical na klima? **Pilipinas**
8. Ano ang tumutukoy sa katamtamang klima at nagtataglay ng maraming puno? **Tropical**

**Pagymamanin**  
Gawain 3: Anong Tema Mo?

1. Rehiyon
2. Lugar
3. Interaksyon ng Tao at Kapaligiran
4. Paggalaw
5. Lugar
6. Interaksyon ng Tao at Kapaligiran
7. Paggalaw
8. Lokasyon
9. Lokasyon
10. Lugar

**Gawain 4: Iguhit Mo!**

- 1.
- 2.
- 3.
- 4.
- 5.
- 6.
- 7.
- 8.
- 9.
- 10.



1. Natutuhan ko sa aralin na ang heograpiya ay pag-aaral ng pisikal na katamtaman ng daigdig gaya ng klima, lokasyon hugis, topograpiya, anyong tubig, anyong lupa, mineral at iba pa.
2. Mailalarawan ko ang mundo bilang isang magandang planeta sa solar system na kung saan mabubuhay ang lahat ng may buhay sa mundo.
3. Ang pagkakaroon ng sapat na anyong lupa at tubig ay patunay na ang daigdig ay puwedeng mabuhay ang lahat ng may buhay sa daigdig kagaya ng tao at hayop.

**Isaisip**  
Gawain 5: Dugtong-Salita!

- Bakuran mo, imisin mo.
- Panatilihin ang kalimisan para sa ikakabuti ng sambayan.
- Mundo ay mahalim, bakuran ay limisin

**Isagawa**  
Gawain 6: Slogan Making

“Mundo’y Ingatan”  
Napakalawak ng mundo  
Kung iyong titingnan, ito’y napaka-amo  
Magandang tanawin, maraming bukirin  
Kaya’y mundo na tinitirhan ating ingatan  
Kalikasan ating protektahan  
Kapaligiran ating pangalagaan  
Sa mga panahong dumadaan

**Karagdagang Gawain**  
Gawain 7: Paggawa ng Tula

- Tayahin**
1. D
  2. C
  3. D
  4. B
  5. C
  6. C
  7. C
  8. D
  9. C
  10. D
  11. B
  12. C
  13. A
  14. D
  15. B

# ***Sanggunian***

Blando, Rosemarie C., Michael M. Mercado, Mark Alvin M. Cruz, Angelo C. Espiritu, Edna L. De Jesus, Asher H. Pasco, Rowel S. Padernal, Yorina C. Manalo, Kalenna Lorene S. Asis. 2014. *Kasaysayan ng Daigdig: Araling Panlipunan 8 – Modyul ng mag-aaral*. Pasig City, Philippines: Vibal Group Inc. and Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS).

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)